Whooping Cough (Pertussis) Notification
Type in name of school

Mahal na Mga Magulang at Tagapag-alaga:

Ang liham na ito ay nagbibigay-alam sa inyo na maaaring nalantad ang inyong anak sa ubong-dalahit (whooping cough) sa paaralan.

Ang ubong-dalahit o 'whooping cough', na tinatawag rin na pertusis, ay isang lubos na nakakahawang impeksyon dulot ng mikrobyo na maaaring kumalat sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan o pagtabi sa mga tao na mayroong ganitong uri ng ubo. Ang mga sintomas ay maaaring magsimulang lumabas mula 5 hanggang 21 araw makalipas na mahawahan. Kadalasan itong nagsisimula bilang isang karaniwang sipon (hal. pagbahing, walang tigil na pagtulo ng sipon, atbp.) na sinusundan ng ubo na palala nang palala sa loob ng isa hanggang dalawang linggo. Ang mga taong may ubong-dalahit o 'whooping cough' ay maaaring makaranas ng matinding pag-atake ng ubo na kung saan sila ay hinahapo sa sandaling matapos na umubo. Ang ilan ay maaaring hingalin nang matindi ('humiyaw') at magsuka o makaramdam na tila sila ay nabubulunan. Karaniwan ay walang kasamang lagnat ang ubong dalahit.

Ang mga mas nakababata na hindi pa nakukumpleto ang kanilang DTaP na serye ng mga bakuna ay mas nanganganib sa mas malubhang pagkahawa ng ubong dalahit. Ang mga bakuna para sa ubong-dalahit o 'whooping cough' (DTaP) ay inirerekumenda sa mga edad na 2, 4, 6, at 15 - 18 buwan. Isang dosis ng booster na iniksyon ng DTaP ay binibigay rin bago pumasok sa kindergarten sa mga edad na 4-6 taong gulang; isang Tdap booster ay inirerekumenda sa mga nasa middle school sa mga edad na 11-12 taong gulang. Hinihikayat namin kayong tiyain na ang inyong anak ay nakakuha ng lahat ng mga inirerekumendang DTaP na dosis sa pamamagitan ng pagtitiyak sa mga rekord ng bakuna o pakikipag-ugnayan sa tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalaga na kalusugan ng inyong anak.

Sa pangkalahatan, ang mga bakuna para sa ubong-dalahit ay lubos na mabisa sa pag-iiwas sa sakit o pagbabawas sa tindi nito makalipas na matanggap ang serye ng mga bakuna o ang dosis ng booster na bakuna. Gayunman, ang kaligtasan na hindi magkaroon ng ubong-dalahit o 'whooping cough' ay mabilis rin na nawawala lumaon, kaya't kahit ang mga bata na ganap na nabakunahan ay maaaring magkaroon ng ubong-dalahit.

Ang dosis ng booster na bakuna (Tdap) ay inirerekumenda rin para sa mga adulto, lalo na sa mga buntis (sa bawat pagbubuntis) at mga tagapag-alaga ng mga batang sanggol. Kung ikaw o ang inyong mas batang anak ay hindi pa nakakakuha ng Tdap, inirerekumenda na kumuha kayo nito. Ang bakuna ng Tdap ay laganap na handang makuha sa mga tanggapan ng doktor, sa ilang mga parmasya at sa mga lokal na departamento ng kalusugan at karaniwang sakop ng karamihang mga plano ng insurance.

Kung ang inyong anak ay may mga sintomas ng sipon at umuubo, mangyari lang makipag-ugnayan sa inyong doktor. Sabihin sa doktor na may isang nakumpirmang kaso ng ubong-dalahit na na-ulat sa paaralan ng inyong anak. Ang pinakawastong pagsusuri sa pagkikilala ng sakit na ubong-dalahit o 'whooping cough' ay kinokolekta gamit ang isang swab sa ilong. **Kung natingnan na ng kanilang doktor ang inyong anak at nakilala ang sakit bilang ubong-dalahit, mangyari lang panatilihin na nasa bahay ang inyong anak hangga't nakumpleto bata ang 5 araw na iniresetang paggagamot ng antibiyotiko.**

Ipagpapatuloy ng lokal na kagawaran ng kalusugan ang sitwasyon. Kung kayo o ang inyong duktor ay may mga katanungan, pakigamit ang impormasyon sa pagkontak sa ibaba.

Sumasainyo,

Type in signature and contact information here:

Name, Principal
Name of School Contact: phone number

Name, County Health Officer
Health Department Name: phone number